# Kasulatan



## WARM-UP

- Mahilig ka bang magbasa ng mga libro? Ano ang pinakanagustuhan mong basahin, at bakit?
- Balikan yung mga panahong dumaan ka sa mga pagsasanay noong lumalaki ka. Tungkol saan ang mga pagsasanay na ito, at paano ka nakinabang dito?
- Ano ang mga karaniwan mong ginagawa na itinuturing mong kapaki-pakinabang o mahalaga? Bakit mo ito nasabi?

## WORD

[16]*Lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at mapapakinabangan sa pagtuturo ng katotohanan, pagsasaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa matuwid na pamumuhay,* [17]*para maging handa sa lahat ng mabubuting gawa ang naglilingkod sa Diyos.* **2 TIMOTEO 3:16–17**

Sumasang-ayon ang ating Pahayag ng Pananampalataya sa doktrina ng Kasulatan: Ang Bibliya ay salita ng Diyos, binigyan inspirasyon at *isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos*. Sa mundo kung saan ang lahat ay tila naniniwala sa sarili nilang katotohanan, ang Kasulatan ay hindi nagbabago at walang kamalian. Ito ay katotohanang itinatag sa Katotohanan, na walang iba kundi si Jesu-Cristo. Bilang mga mananampalataya, ito ang pamantayan natin para sa buhay at katotohanan. Dahil kapaki-pakinabang ito sa atin sa maraming paraan, maaari tayong magtiwala at sumunod sa Bibliya. Tingnan natin ngayon kung paano tayo hinuhubog ng Kasulatan.

## 1 Dahil ang lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, nagtitiwala tayo sa katuruan nito.

*Lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at mapapakinabangan sa pagtuturo ng katotohanan . . .* **2 TIMOTEO 3:16**

Nakikita natin sa Bibliya ang mga katotohanan tungkol sa Diyos, ang ating doktrina, at ang mga biblikal na pundasyon. Ipinapakita nito sa atin kung sino ang Diyos at kung paano Siya gumawa ng paraan para magkaroon tayo ng ugnayan sa Kanya. Ito rin ang gabay natin sa pamumuhay at pagpapatupad ng Kanyang layunin. Ito ay salita ng Diyos. Ito ang dahilan kung bakit mapagkakatiwalaan natin ang mga katuruan nito. Habang tayo ay tinuturuan ng Kanyang salita, maaari rin nating ituro ito sa iba. Sa palagay mo, bakit hindi pwedeng magkaroon ang mga mananampalataya ng iba pang mga pamantayan para sa buhay at kabanalan? Paano mo natutunang sumang-ayon sa Kasulatan at magtiwala sa sinasabi nito?

## 2 Dahil ang lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, nagpapasailalim tayo sa pagsasaway at pagtutuwid nito.

*Lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at mapapakinabangan sa pagtuturo ng katotohanan, pagsasaway, pagtutuwid . . .* **2 TIMOTEO 3:16**

Nagbibigay ang Kasulatan ng pagsasaway at pagtutuwid. Una, sinasabi nito sa atin kung ano ang mali, kung ano ang maling paraan ng pamumuhay, at kung ano ang mangyayari kung magpapatuloy tayo sa maling landas. Pangalawa, ibinibigay nito kung ano ang tama at ito ay nagiging daan para makita natin kung ano ang posibleng maging itsura ng buhay. Kapag

binabasa, pinag-iisipan, at sinusunod natin ang salita ng Diyos, naibabalik at nagiging buo tayo sa Diyos. Sa palagay mo, bakit ka nakakaramdam ng pagsisisi o kaya ay inspirasyon kapag binabasa mo ang salita ng Diyos? Paano ka natutong magpasailalim dito?

3 **Dahil ang lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, tumutugon tayo sa pagsasanay nito para sa matuwid na pamumuhay.**

*Lahat ng Kasulatan ay isinulat sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at mapapakinabangan sa pagtuturo ng katotohanan, pagsasaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa matuwid na pamumuhay . . .* **2 TIMOTEO 3:16**

Ang salita ng Diyos ay makakatulong para turuan at ituwid tayo. Bilang karagdagan, sinasanay tayo ng Kasulatan na maging matuwid. Ang ibig sabihin nito ay sinasanay natin ang ating sarili na sumunod at mas natututo tayong isabuhay ang salita ng Diyos. Mas nagiging katulad tayo ng Diyos habang patuloy natin Siyang nakikilala at sinusunod. Sa palagay mo, paano ka natulungan ng salita ng Diyos na sundin at mas mahalin ang Diyos?

Ang Kasulatan ay salita ng Diyos, at malaki ang nakukuha nating pakinabang dito. Gayunpaman, hindi ito itinakda para maging isang personal na benepisyo lamang. Kapag nagtitiwala at sumusunod tayo sa salita ng Diyos, magiging buo tayo at handang gawin ang gawain ng Diyos (2 Timoteo 3:17). Ibig sabihin nito ay kuwalipikado tayong gawin ang ipinagagawa sa atin ng Diyos, kung saan makikinabang ang ating komunidad at ang lahat ng tao sa ating paligid.

## APPLICATION

- Itinuturing mo bang pinakamahalaga ang Banal na Kasulatan sa buhay mo? Gaano kahalaga dapat ito sa iyo, at paano ito maipapakita sa buhay mo simula ngayong araw?
- Sa anong bahagi ng buhay mo nararamdaman na ikaw ay hindi kumpleto o hindi karapat-dapat? Paano ka magagabayan at mahahasa ng salita ng Diyos?
- Sa tingin mo, bakit napakalawak ng salita ng Diyos sa larangan ng nilalaman, mga karanasan, at istilo? Sa tingin mo, bakit kapaki-pakinabang ito sa mga mananampalataya? Paano makakatulong sa mga tao sa paligid mo ang salita na nasa puso mo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang salita at sa pakikipag-usap Niya sa iyo sa pamamagitan nito araw-araw. Ipagdasal na ito ang uunahin mo araw-araw, at matutunan mo itong mahalin, basahin, pagkatiwalaan, at sundin.
- Ipanalangin na magpapasailalim ka sa pagsasaway at pagtutuwid na ibinibigay ng salita ng Diyos. Ipanalangin na maipahayag ng buhay mo si Cristo.
- Sa panahon kung saan ang bawat isa ay tila may sariling "katotohanan," humingi sa Diyos ng lakas ng loob na manindigan at maipahayag ang Kanyang salita. Ipanalangin na maging mapagmahal ka sa mga tao at maakay mo sila palapit sa Kanya sa pamamagitan ng iyong buhay.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Varsha Daswani, Chrysse Manuel-Pili

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.